

# KIAN Kumusta Kawasaki

KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo  
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

## Tungkol sa FINAL INCOME TAX RETURN (Kakutei Shinkoku)

Mula sa HP ng Council of Local Authorities for International Relations <http://www.clair.or.jp/tagengo/>より

(May mga wikang Ingles, Aleman, Intsik, Koreano, Pranses, Espanyol, Portuges, Tagalog, Vietnamese, Indonesian, Thai, at Russian)

Ang mga taong may sariling negosyo o nasa agrikultura o freelance ay kinakailangang mag-report ng halaga ng babayaranang buwis matapos ito kalkulahin batay sa resulta ng pagkalkula ng kinita sa nakalipas na taon mula ika-1 ng Enero hanggang ika-31 ng Disyembre. Ang mga pasahuring manggagawa ay hindi na kinakailangan pang gawin ito. Gayunman, ang mga sumusunod ay kinakailangang magpasa ng final income tax return:

• Kapag ang suweldo sa isang taon ay mahigit sa 20 milyones

• Kapag nakakakuha ng suweldo sa higit na dalawang lugar

Huwag kalimutang magtago ng kopya ng final income tax return dahil ito ay kinakailangan sa pagpapatuloy o pagbabago ng pahintulot na manirahan sa Japan.

\* Kapag may dependents sa sariling bansa, maari siyang makakuha ng kaltas para sa mga dependent (deduction for dependents). Kahit na pasahuring manggagawa, basta't hindi nakakaltasan para sa mga dependent ay kinakailangang magpasa ng final income tax return.

【Kailan ipapasa】: Ika-16 ng Pebrero 2011 (Miyerkules) - Ika-15 ng Marso (Martes)

【Saan ipapasa】: Tanggapan ng tagapamahala ng buwis na nasa iyong lugar (8:30~17:00 Lunes hanggang Biyernes)



【 Mga kailangan para sa final income tax return 】: ① Form ng final income tax return o kakutei shinkoku (nasa tanggapan ng tagapamahala ng buwis) ② Ang makakapagtunay ng kinita sa nakalipas na taon (tulad ng withholding tax slip o mga resibo ng pagbabayad)

③ Alien registration card ④ Mga kailangang papeles para sa pagbabawas ng buwis dahil sa

dependents (tulad ng birth certificate ng dependents na nasa sariling bansa o mga resibo ng pagpapadala ng pera)

⑤ Mga kailangang papeles para sa pagbabawas ng buwis dahil sa pagbayad ng insurance (tulad ng sertipiko ng ibabawas na buwis dahil sa insurance), ⑥ Pantatak (inkan) o kaya ay pirma etc...

【Paraan ng】: para sa mga iba pang detalye mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng tagapamahala ng buwis na nasa iyong lugar.

May mga impormasyon sa Ingles sa HP ng National Tax Agency.

Information about Income Tax <http://www.nta.go.jp/taxanswer/english/gaikoku.htm>

National Tax Agency JAPAN [http://www.nta.go.jp/foreign\\_language/index.htm](http://www.nta.go.jp/foreign_language/index.htm)

【Tanggapan ng tagapamahala ng buwis sa loob ng Kawasaki city】:

Para sa mga mamamayan ng Nakahara ward, Takatsu ward, at Miyamae ward...

Kawasaki Kita Zeimusho (Kawasaki-shi Takatsu-ku Hisamoto 2-4-3, TEL044-852-3221)

Para sa mga mamamayan ng Tama-ward, Asao ward...

Kawasaki Nishi Zeimusho (Kawasaki-shi Aaso-ku Kamiasa01-3-14 Kawasaki Nishi Godo chosya TEL044-965-4911)

Para sa mga mamamayan ng Kawasaki ward, Saiwai ward...

Kawasaki Minami Zeimusho (Kawasaki-shi Kawasaki-ku Enoki-chou 3-18 TEL044-222-7531)



## Paraan ng pagtapon ng basura

Bawat lugar, mayroong takdang paraan ng pagtapon ng basura dito sa

Bansang hapon. Mangyaring sumunod sa paraan ng pagtapon ng basura na itinakda sa inyong lugar.

Sa Siyudad ng Kawasaki, magsisimula ng pangogorekta ng 'mixed paper'

Nagiging toilet paper



Ano ang mixed paper?



Mga fliers



Mga poskard at mga sobre



Mga notebooks



Mga pictures  
Atbp...

paraan ng pagbalot ng basura



Ilagay sa paper bag



Talian

\* Mag-sisimula rin ang pangogolekta ng lalagyan gawa sa plastik sa Kawasaki ward, Saiwai ward, at Nakahara ward. Mga diyaryo at karton ay 'basura ng recycle' at mga papel na may dumi at baho ay itapon bilang 'ordinaryong basura.'

① **Klase ng wikang Ingles at Tsino sa bakasyon sa spring**

【Saan】 Kawasaki international center

【Kailan】 Ika-29 (Martes) ~ Ika-31 (Huwebes) ng Marso tatlong araw 【Bayad】 ¥3000 para sa buong 3 klase

Klase	Mga puwedeng sumali	oras	titser
Ingles pambata A	Grade 1-2 ng elementary	9:50~10:50	Mr. Brian Hooper Taga-States/titser ng Ingles
Ingles pambata B	Grade 3-4 ng elementary	11:00~12:00	Parehas sa itaas
Wikang Tsino pambata	5-8 taong gulang (Pwedeng sumama ang tagapag-alaga)	13:00~14:00	Ms. Saito Yurie Taga-Shang-hai Dating Titser ng Musika



【bilang ng puwedeng sumali】 15 katao bawat klase (magkakaroon ng pagpipili pag sumobra ang bilang ng aplikante) 【huling araw ng pag-apply】 hanggang ika-16 ng Marso (Miyerkules) (tatak ng selyo)

【Paano mag-apply】 Isulat sa RPP (reply paid postcard) ang ① pangalan ng leksyon, ② pangalan ng sasali, ③ postal code at address, ④ numero ng telepono at ipadala sa address sa ibaba

② **Leksyon ng pag-unawa pang-internasyonal sa wikang Tsino**



Leksyon at exchange meeting sa wikang Tsino, walang interpreter.

【Saan】 2<sup>nd</sup> floor ng Kawasaki International Center

	Araw	nilalaman	titser
Unang leksyon	Ika-5 ng Marso (Sabado) 14:00~16:00	Pag-isipan ang 'Pamilya' ng Tsino ~mula sa pelikurang 'Okuri bito' ~	Mr. Sun Shengde Taga-Dairen Epleyado ng kumpanyang Hapon
Ikalawang leksyon	Ika-12 ng Marso (Sabado) 14:00~16:00	Mag-Enjoy ng Ink Painting. Leksyon ng history at paraan ng panood. May performance!	Mr. Zhang Dong Ink painter Titser ng wikang Tsino
Ikatlong leksyon	Ika-19 ng Marso (Sabado) 14:00~16:00	Mag-enjoy ng kulturang tsaa sa China ~Pinaka-sentro ang itim na tsaa~ May patikim ng tsaa!	Ms. Li Min Taga-Tsina Titser ng wikang Tsino

【bayad】 1500 yen para sa 3 leksyon (magbayad mula sa pos opis o magbayad sa International Center bago ng araw ng leksyon) o ¥800 para sa isang leksyon (puwedeng magbayad sa araw ng leksyon sa International Center)

【bilang ng puwedeng sumali】 40 katao bawat leksyon (first-come first serve basis) 【Mga puwedeng sumali】 middle/high level na nag-aaral ng wikang Tsino (16 taong gulang at pataas)

【Paano mag-apply】 sa telepono/Fax/E-mail (nakasulat sa ibaba) o magbayad sa International Center.

③ **Leksyon ng pag-unawa pang-internasyonal sa pamamagitan ng pelikura** ni MAUNG THEIN DAN (wikang hapon)

**Pelikurang 'Ein' Palabas!** \* 'bahay' ang ibig sabihin ng EIN sa wikang myanmer.

【Kailan】 Ika-21 ng Marso (Lunes/holiday) 14:00~16:00 【Saan】 Kawasaki International Center

【bilang ng puwedeng sumali】 100 katao

【bayad】 libre (kailangang mag-apply, first come first serve basis) 【paano mag-apply】 telepono • FAX • E-mail o magbayad sa International Center



Mag-apply / makipag-ugnayan para sa mga klaseng ①②③ na nasa itaas sa...

Kawasaki International Association TEL. 044-435-7000 FAX. 044-435-7010 E-mail. kiankawasaki@kian.or.jp

LIBRENG PAGPAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION

Iskedyul ng Konsultasyon [10:00~12:00 13:00~16:00]

Tagalog Martes at Miyerkoles ※ Tinatanggap din ang konsultasyon sa wikang hapon

Espanyol Martes at Miyerkoles

Koryano Martes at Huwebes

Ingles Lunes~Sabado

Intsik Martes, Miyerkoles at Biyernes

Portugis Martes at Biyernes

\*Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi

Ika-20 ng Marso **Linggo**

14:00-16:00 (kailangan ang reserbasyon para sa interpreter)

2F Kawasaki International Center conference room



Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000

Kawasaki Ward office (Libreng konsultasyon)

Asao Ward office (Libreng konsultasyon)

wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	14:00~16:30
Intsik	1, 3 Martes	14:00~16:30
Tagalog	1, 3 Martes	9:30~12:00

wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	9:30~12:00
Intsik	1, 3 Martes	9:30~12:00
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	14:00~16:30